BABASAHIN #4

MGA BAGONG SINTOMAS SA ISANG BATANG DATING NAGKAROON NG COVID-19

Gumaling ang aking anak sa COVID-19 o naging positibo sa SARS-CoV-2 sa nakaraan. Kailangan ba niyang muling masurian para sa mga bagong sintomas na maaaring sanhi ng COVID-19?

- **Depende** sa kung gaano katagal ang lumipas simula nang magkasakit o magpositibo ang inyong anak, at kung ano ang sinabi ng inyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.
- Maaaring muling magka-impeksyon ang mga tao. Ipinapakita sa ebidensya na ang muling pagkakaroon ng impeksyon ay maaaring mangyari 90+ araw pagkatapos ng mga unang sintomas o positibong pagsusuri.
    - **Kung mababa sa 90 araw ang lumipas** simula ng mga unang sintomas ng COVID-19 o positibong pagsusuri, m**alamang na hindi** muling magkaroon ng impeksyon. Ang pagsusuri para sa COVID-19 ay dapat lamang gawin kung inirerekomenda ito ng inyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.

        - Hindi iniaatas ng ACPHD ang pagsusuri o tala mula sa inyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan para makabalik sa paaralan.



- **Kung mahigit sa 90 araw ang lumipas** simula ng mga unang sintomas ng COVID-19 o positibong pagsusuri, dapat isaalang-alang ang ibang dyagnosis, bukod sa muling pagpapasuri. Pinakamahusay na makipag-usap sa tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak.